



# International Children's Club
# Mensahe ng mga bata



Pagpakilala ng "International Children's Club" ng FICEC.

▌Mga aktibidad: tuwing Sabado 9:00 a.m. ~ 12:00 p.m.

▌Bilang ng mga batang naka-rehistro: 34 (nitong huling Marso 2023)

Mga mag-aaral sa Elementary, Junior High school at High-school ay pumupunta para mag-aral

▌Nasyonalidad ng mga bata: Philippines, China, Nepal, Pakistan, Vietnam, Sri Lanka

## Messages ng mga bata

**■ "Ano ang masasabi mo tungkol sa International Children's Club?**



**◆Komento ng mga bata sa Elementary**

**-Masaya. Minsan gumagawa ako ng origami at nag-drawing (Grade1)**
**-Malaking tulong sa aking pag-aaral. Nakakuha ako ng 100. (Grade 2)**
**-Nakakalibang magturo ang mga guro (Grade 3)**
**-Magkasama kami ng kaibigan ko na pumupunta. (Grade 2)**
**-Natuto ako ng Nihongo. Nagugustuhan ko na mag-aral. (Grade 4)**
**-Mababait ang mga guro at naituturo sa amin sa paraaang madaling maintindihan (Grade 5)**
**-Natututo ako kasi mabait magturo ang mga guro. (Grade 5)**
**-Masayahin at mababait ang mga kaibigan ko dito. Dumami ang naging mga kaibigan ko sa pag-aaral dito. (Grade 4)**
**-Nakakatuwang turuan ng Nihongo ang aking mga kaibigan. (Grade 5)**
**-Kung kailangan mo ng tulong, maari kang humingi ng payo. (Grade 6)**



**◆Komento ng mga mag-aaral sa Junior High School at High School**

**- Mababait ang mga guro at itinuturo nila sa paraang madaling maintindihan.**
**- Parati silang mabait sa akin. Masaya ako at nagkaroon ako ng mga kaibigan.**
**- Iba-iba ang mga guro na nagtuturo sa iba't ibang subject. Isang masayang taon ang lumipas.**
**- Malaking tulong sa akin ang pag-aaral dito.**
**- Marami akong nakilalang iba'ibang mga tao.**
**- Noong kailangan ko ng tulong, kaagad nabigyan ako ng pagpapayo.**

**■ Ano ang iba pang hangad mo sa "International Children's Club"?**

**- Minsan gusto kong mag-laro.**
**- Sana may palaro kahit isang beses sa isang buwan.**
**- Gusto kong mag-aral ng mas mahirap na aralin.**
**- Sana mas maraming aralin sa Math.**
**- Sana may event paminsan minsan.**
**- Sana may pamamasyal din kasama ang lahat.**
**- Gusto ko sana ng mas maraming pag-praktis ng pagtatanong para sa eksamin ng pagpasok sa high school.**
**- Sana madagdagan ang mga libro para sa pag-aaral sa high school.**

**Halina at mag-aral tayo sa International Children's Club kung…**

- kung hindi ka gaanong marunong ng Nihongo.
- kung nahihirapan ka sa pag-aaral sa eskuwela.
- gusto mong magkaroon ng mga kaibigan

Tel. 049-256-4290

フィリピン語

Mga Pagpapayo

Konsultasyon at Pagpapayo
Lunes ~ Biernes: 10:00 ~ 16:00



**Naputulan kami ng kuryente sa bahay. Nabayaran ko na ang natitirang bayarin. Paano ang gagawin ko para makagamit na muli ng serbisyo ng kuryente?**

Kung hindi mo mabayaran sa itinatakdang panahon ang singil sa kuryente, mapuputulan kayo ng kuryente. Una, tawagan ang kumpanya ng kuryente na inyong kinukunan ng serbisyo at tanungin kung paano ang pagpapabalik ng paggamit ng serbisyo ng kuryente. Sa kaso ng TEPCO, ang pamamaraan ay maaaring isagawa gamit ang alinman sa pamamagitang ng chat o voice guidance.
<Chat> Sa portal site ng TEPCO, pindutin ang chat button na nasa kanang bahagi sa ibaba, i-type ang "**送電再開**（Pagpapabalik ng serbisyo ng kuryente）"at pindutin ang enter. Matapos masagutan ang mga tanong, ang proseso para sa pagpabalik ng serbisyo ng kuryente ay isasagawa. Ang pagtatanong ay sa wikang Nihongo lamang.
<Voice Guidance> Tumawag sa **03-6375-9797** at sundin ang voice guidance.

# Pumunta tayo sa Library! Ⅱ



Tinalakay sa nakaraang isyu ang tungkol sa **Fujimino Kamifukuoka Library,** tingan natin ang ibang bahagi.

**● "Istante ng Mansanas"**
Sa istante na ito ay may mga nakaka-aliw na babasahin para sa lahat. Sa pagpunta sa Fujimino Kamifukuoka Library unahin nating tingnan ito.

**●LL Book**
Ang"LL" ay salitang Swedish na ang ibig sabihin ay simple at madaling maintindihan.
Isang LL na libro, Watashi no Kazoku (Ang pamilya ko)" ay isang 4-panel na manga-style na babasahin na may mga larawan lamang, at isang pamilyar na comedy ng mga pamilya.

**●Mag-usap tayo sa Ingles!**
Kada taon 2 beses itinatanghal ang "English Story Time " sa Kamifukuoka Library.
Lugar: Kamifukuoka Library 2 Flr. Meeting Room 2
Aktibidad: mga kanta sa Ingles, pagbabasa ng picture book sa Ingles, paglalaro at iba pa
Sino: mula 3 taong gulang hanggang sa elementary na mga bata

**Ang Miyoshi Town Central Library** ay may malawak na seksyon ng comics kagaya ng "Chihayafuru", "Ano ang kinain mo kahapon?", "Attack on Titan", "Nodame Cantabile" at iba pa na nakasulat sa bilingual na edisyon. Ang bilingual na edisyon ay babasahin na nakasulat sa parehong Nihongo at banyagang wika (tulad ng Ingles).
Ang library ay namamahagi din ng mga gabay sa paraan ng paggamit na nakasulat sa madaling Japanese at English. Mangyaring gamitin natin ito.




**●Hiragana Times**
Sa library ay mayroon ding mga aklat at buwanang magasin na nakasulat sa hiragana na hindi nabibili sa mga lokal na tindahan ng libro. Mayroon ding mga pelikula (may subtitle) sa CD at DVD na maari ninyong mapanood sa Video Corner.



